

# Panalangin para sa Ika-100 Taon Anibersaryo ng mga Misyonerong Xaveriano (1921 – 2021)

Papuri at Luwalhati sa iyo, O Diyos aming Ama,
sa aming Tagapagtatag
na si San Guido M. Conforti,
na dahil siya'y nabighani ng Anak mong ipinako sa krus
at binigyang-sigla ng Diwang Banal,
ay itinatag ang pamilya ng mga Xaveriano
upang ipalaganap ang Mabuting Balita
hanggang sa dulo ng daigdig,
nang sa gayo'y si Hesukristong aming Panginoon
ay makilala at mahalin ng lahat.

Pinapasalamatan ka namin
sa biyaya ng bokasyon bilang misyonero.
Patawad sa aming pagtataksil sa karismang tinanggap,
at palakasin nawa sa amin ang hangad at sigasig
na isabuhay ang Misyon sa buong mundo,
sa diwa ng marubdob na pagkakaisa.

Bigyan mo kami ng buhay na Pananampalataya
upang ihayag nang may pag-ibig sa mundo,
ang Pag-asang nagbibigay ng kahulugan at buhay
sa pamamagitan ni Kristong aming Panginoon
Amen.

Misyonerong Xaveriano — Viale Vaticano 40 – 00165 Roma
www.dg.saveriani.org